# PANANALIG, INTEGRIDAD
## The Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sedfrey Nebres, SVD

Mayo 16, 2026

Sa tuwing sinasabi natin ang pananalig, hindi natin kayang ihiwalay ito sa integridad, dahil malalim ang koneksyon ng bawat isa. Ang pananalig ay nangangahulugang pananatiling tapat sa Diyos sa paniniwala at pagkilos sa pamamagitan ng pagsakripisyo, pakikibaka at paghihirap. Sa kabilang banda, ang integridad ay isang bagay na patuloy nating pinagsusumikapan na mabuhay o makipaglaban para sa ating mga pangako at mga pinagpipilian. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng pananampalatayang puno ng pananalig ay humahantong sa pagkakaroon ng integridad.



1. **Ang pananalig ay humahantong sa isang buhay na may integridad.**
   - 1.1. Dapat maging consistent tayo sa ating salita at sa ating action. Higit sa lahat, igalang natin ang ating mga pangako na may katapatan at katapangan. Kapag sinabi nating "oo" sa isang tao, kailangan panindigan natin. Kapag sinabi nating, "Mahal kita," willing tayong panindigan ito.
   - 1.2. Ang pananalig na naka-ugat sa pananampalataya sa Diyos ay humahantong sa buhay na may dangal. Nagkakaroon tayo ng character na marunong manindigan, at ito ay humahantong sa buhay na may integridad.
2. **Ang kwento ni Daniel: Katapatan sa Pagkilos** (Daniel 6).
   - 2.1. Nanatiling tapat sa Diyos si Daniel kahit sa gitna ng kahirapan. Nagpatuloy siyang magdasal at itinapon siya sa kulungan ng mga leon dahil sa kanyang pananalig; gayunpaman, hindi siya nasaktan dahil sa proteksyon ng Diyos. Tayo rin ay itinapon sa mga hukay na napaliligiran ng mga "leon"-problema, kahirapan, kalituhan, mga tukso, at mga pakikibaka na maaaring mangyari sa atin kung walang patnubay ang Banal na Espiritu.
   - 2.2. Habang tumatanda tayo, lumalaki rin ang mga "leon" sa ating buhay. Gayundin, habang lumalapit tayo kay Kristo, lumalaki rin ang ating mga hamon at ang ating pananalig na manatiling tapat kay Hesus.
   - 2.3. Ang hindi natitinag na katapatan ay nangangahulugang pananatiling tapat kay Kristo kahit mahirap o inconvenient. Ang pagiging tapat ay pagsuko ng ating mga makasariling interes, pagnanasa at pagmamalaki. Sa pagsuko nito, natututo tayong maging sincere, loving, at humble.
3. **Paano natin dinadala ang bigat ng katapatan?**
   - 3.1. **Magtiyaga sa pananampalataya**. Dapat manatili tayong nakayakap sa way of life ni Kristo, hindi lamang sa panalangin at gawa, kundi sa lahat ng aspekto.
   - 3.2. **Mamuhay nang naaayon sa puso ng Diyos**. Sa pamumuhay na malalim ang relasyon sa Diyos, dapat maging tapat tayo sa ating mga salita at gawa. Sa kabila ng ating mga kahinaan, subukan nating maging katulad ni Kristo sa araw-araw nating pamumuhay.
4. **Ang landas tungo sa Integridad ay kailangan ng:**
   - 4.1. **Selfless na pagpapatotoo.** Dapat tayong maging buhay na instrumento ng Diyos sa salita at sa gawa, na naipakikita ang Kanyang pagmamahal sa mapagmahal at mapag-alay na paraan. Dagdag pa nito, ipahayag natin ang Diyos sa bawat desisyon at aksyon at akayin ang mga tao patungo sa Diyos at hindi sa ating sarili.
   - 4.2. **Buhay na Proklamasyon.** Dapat mamuhay tayong kitang-kita si Kristo. Wala dapat disconnection sa pagitan ng pananalig at sa ating pamumuhay.
5. **Ang moralidad ay isang full-time na pangako.**
   - 5.1. Ang ating pananalig ay hindi maaaring ihiwalay sa mga pagpipilian na ginagawa natin sa lahat ng aspekto ng ating buhay. Piliin natin si Hesus araw-araw.
   - 5.2. Ang ating pananampalataya ay dapat kontra-kultura, paglaban sa panlilinlang, kawalan ng parusa, katiwalian, at bulag na pagsunod. Dapat nating piliin na ipaglaban ang katotohanan, kabutihan, habag, at matuwid na pagsunod sa mga mithiin ni Hesukristo.

**Konklusyon:**

Ang pananalig o ang matapang na paniniwala sa Diyos ay humahantong sa buhay na may integridad. Ang pananatiling tapat sa gitna ng sakripisyo, pakikibaka at paghihirap ay nangangailangan ng tiyaga, pagpapakumbaba, at katapangan. Hayaan nating patnubayan tayo ng Panginoon sa ating pagpili at maging lakas natin Siya sa gitna ng kagipitan.

**Pagninilay:**

1. Anong mga "leon" sa iyong buhay ang humahamon sa katapatan mo sa Diyos?
2. Paano napapalakas ng pagsubok ang iyong integridad at pananampalataya kay Hesukristo?

**SCRIBES Ministry**
Isinalinni: Thess Sarmiento
Na-edit ni:Nida A. Cruz
Tags: #Pananalig#Integridad#Katapatan
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1Mr2UNuPEw/